# Alamin Ang Iyong Mga Karapatan

Ang bawat taong naninirahan sa U.S. ay may mga pangunahing karapatan ayon sa Konstitusyon ng U.S.

*Ang presentasyong ito ay para sa layuning pampabatid lamang*

# Ano ang Iyong Mga Karapatan?

Ang bawat taong naninirahan sa U.S. ay may mga karapatang ginagarantiyahan ng Konstitusyon -

May Karapatan Ka na:

Manahimik / Huwag Magsalita

Humingi ng ID o Warrant mula sa mga Immigration Officer

I-dokumento at Irekord ang mga pangyayari

Tanggihan ang Pagpasok sa Pribadong Lugar (kung walang warrant)

# Kung Ikaw ay Pinahinto sa Pampublikong Lugar ng mga Ahente ng Imigrasyon

- Manatiling kalmado
- Itanong kung ikaw ay inaaresto o kung puwede kang umalis
- Itanong kung may dalang warrant ng pag-aresto
- Tandaan na maaari kang manahimik – May karapatan kang sabihin: "**I wish to remain silent**"

# Kung Ikaw ay Pinahinto ng Mga Ahente ng Imigrasyon Habang Nagmamaneho

**Ihinto ang Sasakyan**

Ligtas sa Sakuna at mabilis

**Ipakita ang Dokumento**

Lisensya, Rehistrasyon ng sasakyan, Patunay ng seguro

**Maghalughog?**

Puwede kang tumanggi sa paghahalughog, pero puwede pa rin nila gawin kung may ebidensiya ng krimen.

**Right to Remain Silent**

May karapatan manahimik ang drayber at pasahero. Puwedeng ring umalis ang pasahero.

# Paano Kung Pumunta Sa Bahay Ko Ang Mga Ahente Ng Imigrasyon?

- May karapatan kang huwag buksan ang pinto. Maaari kang makipag-usap sa kanila sa pamamagitan ng pinto o bintana.
- May karapatan kang humingi ng warrant na pirmado ng HUKOM. Sabihing ipakita ito sa bintana o ipasok sa ilalim ng pinto.
- Tiyaking tama ang pangalan at address mo sa warrant.
- Kung pumasok ang mga ahente nang walang pahintulot mo, may karapatan kang sabihin: "<u>I do not consent</u>."

# Paano Kung Magpunta Ang Ahente Ng Imigrasyon Sa Aking Trabaho?

- Maaaring pumasok ang mga ahente ng imigrasyon sa mga lugar na bukas sa publiko tulad ng kainan sa isang restoran, reception area ng negosyo, nonprofit, o gusaling pamahalaan.
- Ang pribadong negosyo na hindi bukas sa publiko ay nangangailangan ng warrant mula sa hukom para mapasok.
- Kailangan ng warrant mula sa hukom para makapasok sa opisina o pribadong lugar ng empleyado o kliyente, kahit bukas sa publiko ang gusali.
- Tiyaking tama ang pangalan at address ng kumpanya sa warrant, at ito ay pirmado ng hukom.
- Kung pumasok ang mga ahente nang walang pahintulot mo, may karapatan kang sabihin: “I do not consent.”

New Americans Initiative

# Ano Ang Hitsura Ng Warrant Ng Hukom?

Ipinamahagi ng Hukuman

Tamas ang pangalan at address (Kalakip)

Pinirmahan ng Hukom

AO 93 (Rev. 12/09) Search and Seizure Warrant

UNITED STATES DISTRICT COURT
for the
Eastern District of California

In the Matter of the Search of
*(Briefly describe the property to be searched or identify the person by name and address)*
540 Oak Avenue
Davis, California 95616

Case No.

**SEARCH AND SEIZURE WARRANT**

To: Any authorized law enforcement officer

2:11-SW-0161 EFB

An application by a federal law enforcement officer or an attorney for the government requests the search of the following person or property located in the EASTERN District of CALIFORNIA
*(identify the person or describe the property to be searched and give its location)*:
SEE ATTACHMENT A, ATTACHED HERETO AND INCORPORATED BY REFERENCE

The person or property to be searched, described above, is believed to conceal *(identify the person or describe the property to be seized)*:
SEE ATTACHEMNT B, ATTACHED HERETO AND INCORPORATED BY REFERENCE

I find that the affidavit(s), or any recorded testimony, establish probable cause to search and seize the person or property.

**YOU ARE COMMANDED** to execute this warrant on or before 5-9-2011 *(not to exceed 14 days)*

☐ in the daytime 6:00 a.m. to 10 p.m. ☐ at any time in the day or night as I find reasonable cause has been established.

Unless delayed notice is authorized below, you must give a copy of the warrant and a receipt for the property taken to the person from whom, or from whose premises, the property was taken, or leave the copy and receipt at the place where the property was taken.

The officer executing this warrant, or an officer present during the execution of the warrant, must prepare an inventory as required by law and promptly return this warrant and inventory to United States Magistrate Judge
_______________ *(name)*

☐ I find that immediate notification may have an adverse result listed in 18 U.S.C. § 2705 (except for delay of trial), and authorize the officer executing this warrant to delay notice to the person who, or whose property, will be searched or seized *(check the appropriate box)* ☐for ____ days *(not to exceed 30)*.
☐until, the facts justifying, the later specific date of ________.

Date and time issued: 4-25-2011 at 10:00 AM

*Judge's signature*

City and state: SACRAMENTO, CALIFORNIA

EDMUND F. BRENNAN, U.S. MAGISTRATE JUDGE
*Printed name and title*

# Paghahanda ng Pamilya sa Oras ng Sakuna

- Pangalan, numero ng telepono, at petsa ng kapanganakan nng bawat miyembro ng pamilya
- Listahan ng mga allergy, kondisyon at kalusugan, at iniinom na gamot ng bawat miyembro ng pamilya
- Pangalan at telephono ng mga Paaralan and Pinagtratrabahuhan ng bawat miyembro ng pamilya
- Numero ng telepono ng Konsulado ng inyong bansang pinagmulan
- Numero ng telepono ng isang immigration attorney o DOJ-Accredited representative na alam ang inyong sitwasyon
- Kung kailangan mong magbiyahe, kumonsulta muna sa inyong immigration attorney or DOJ accredited representative upang masiguro na tama ang mga dokumento at pahintulot sa pagbiyahe

# Mga Mahalagang Dokumento Na Dapat Itago Para Ligtas At Madaling Kunin:

- Balidong Pasaporte at sedula
- Sertipiko ng Kapanganakan at Kasal
- Alien Number (Tinatawag ding A-Number) *Subukang tandaan ang numerong ito*
- Kard ng bakuna ng mga bata
- Social security card
- Sinumpaang Salaysay ng taong handang magalaga sa iyong anak /kung ikaw ay biglang mawawala
- Titulo ng Pagaari (bahay, sasakyan, atbp.)

# Ano ang Dapat Gawin Pag Ikaw ay Dinakip ng ICE?

- May Karapatan kang manahimik. Maaari mong sabihin na “I wish to remain silent."
- May Karapatan kang makipagusap lamang sa iyong abogado tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon
- May Karapatan ka na hindi pumirma hanggand hindi mo naiintindihan ang dokumento o hindi ka pa nakikipagusap sa iyong Abogado
- May Karapatan kang tumawag sa iyong abogado. Sabihin, “I need to make a call”
- Tumawag sa iyong Abogado o Pamilya para sila ang tatawag. Ipaalam ang iyong Alien Number (A-Number) para ikaw ay mahanap.

# Paano Hanapin Ang Nadakip ng ICE

- If you have a family member detained by immigration and you need to locate them, contact the ICE offices:

  **Los Angeles Field Office** (Los Angeles County, Orange, San Bernardino, Riverside at Central Coast): (213) 830-7911

- Kung mayroon kang Alien Number (A-Number) ng iyong kaanak, maaari mong gamitin ang Online Detainee Locator System sa: https://locator.ice.gov/



# ”Alamin ang Karapatan” Cards at mga Numero ng Mabilis na Tugon para sa L.A.

- Maaaring mag-print ng “Alamin Ang Iyong Mga Karapatan” na cards sa iyong wika sa iyong Library

- Iabot ang card na nakaharap ang English sa mga opisyal. Sabihin "I want to exercise my rights."



Para humingi ng referral para sa legal na tulong sa imigrasyon at iba pang suporta,
Tumawag: **Southern California Rapid Response Network** **(888) 624-4752**

# Maraming Salamat!